

Impormasyon para sa Pagka-Mamamayan sa Estados Unidos: *Isang Patnubay para sa Naturalisasyon.*



- ❖ Mga Benepisyo ng pagiging isang U.S. Citizen
- ❖ Mga kinakailangan para sa Naturalization.
- ❖ **BABALA!** Kailan kukuha ng legal na tulong bago mag-aplay para sa Naturalization
- ❖ Mga hakbang upang maging isang naturalized citizen
- ❖ Mga madalas na katanungan
- ❖ Mga materyales ng pag-aaral para sa pagsusulit sa sibika (kasaysayan at gobyerno)
- ❖ Mga pagaaralan para sa Ingles
- ❖ Mga organisasyong makakatulong sa pagka-mamamayan
- ❖ Mga Taga-bigay ng Ingles bilang Pangalawang wika (English as Second Language (ESL))
- ❖ Aplikasyon para sa Naturalization Form N-400)



Binuo ng The Seattle Public Library sa satulong ng Seattle New Citizen Initiative at ng King County Library System

Lahat ng mga impormasyong ibinigay ay sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Northwest Immigrant Rights Project, Catholic Refugee and Immigration Services, at ang mga nag-buluntaryo at mga lokal ng mga organisasyon sa komunidad.

TAGALOG VERSION

KAILANGAN MO PA BA ng karagdagang TULONG?

Para sa karagdagang impormasyon o tulong sa pagkuha ng iyong pagkamamamayan, ikaw ay maaaring:

- ✓ Kontakin ang isa sa mga organisasyon na nagbibigay serbisyo para sa pagkamamayan sa *Seksyon H*
- ✓ Tumawag sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) National Customer Service Center (NCSC) sa 1-800-375-5283 o dalawin ang kanilang web site sa www.uscis.gov
- ✓ Kontakin ang lokal na opisina ng USCIS sa pamamagitan ng email sa seabcis@dhs.gov

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa English as a Second Language (ESL) (Ingles bilang pangalawang wika) , maari kang kumontak ng isa sa aming mga tagapagbigay (provider) ng ESL na nakalista sa *Section I*.

Para sa mga karagdagang impormasyon ukol sa pagiging isang U.S. Citizen, tumawag lang sa 206-684-0849 ng departamento ng Literacy/English as a second language/World Languages ng The Seattle Public Library dalawing ang website ng The Seattle Public Library sa http://www.spl.org/default.asp?pageID=collection_db_list&dbPage=23

O

the King County Library System, Literacy Department, 425-36-3454, www.kcls.org

Ang babasahing , ito ay upang matulungan ang mga taong gustong maging mamamayan ng U.S.:

- para mas maintindihan ang naturalization,
- masagot ang iilan sa pinaka madalas na mga tanong ukol sa naturalisasyon,
- magbigay ng mga materyales ng pag-aaral para sa eksamen ng naturalisasyon, at
- Makipag ugnayan sa mga organisasyon na nagtuturo ng citizenship o ESL.

Ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon lamang. Hindi ito iniuukol para maging kapalit ng legal na payo. PAUNAWA: Ang ibang nilalaman sa publikasyon na ito ay maaaring magbago dahil sa mga halalan o eleksiyon at mga paghirang (*appointments*). Gagawin ng Seattle Public Library ang lahat ng makakaya upang manatiling angkop sa napapanahong paraan ang publikasyon na ito. Mula Abril 2009, ang lahat ng impormasyon na ito ay pangkasalukuyan. Ang buklet na ito ay mababasa sa mga sumusunod na wika:

Ang babasahing ito ay mahahanap din sa mga sumusunod na mga wika:

Espanyol	Vietnamese	Intsik	Somali	Tagalog	Koryano	Cambodian
Amharic	Oromo	Tigrigna	Laotian	Thai	Russian	

Para sa karagdagang mga kopya, o humingi ng isang PDF na kopya, tawagan ang The Seattle Public Library sa telepono 206-386-4148.

TALAAAN NG MGA NILALAMAN

Glosaryo.....	1
Kailangan mo ba ng tulong sa pag-aaplay para maging U.S. citizen	1
SEKSYON A: Mga benepisyo ng pagiging isang U.S. citizen	2
SEKSYON B: Mga kinakailangan para sa naturalization.....	2
SEKSYON C: BABALA! Kailan kukuha ng legal na tulong bago mag-aplay para sa naturalization	3
SEKSYON D: Mga Hakbang upang maging isang ganap na mamamayan	4-7
Mga impormasyong dapat malaman.....	4
Mga papelis na kailangang sa iyong aplikasyon.....	5
Pagpadala ng iyong aplikasyon	5
Pagkuha ng Fingerprint (bakas ng guhit ng mga daliri).....	6
Pakikipagpayam.....	7
SEKSYON E: Mga madalas na itinatanong.....	8-11
1. Gaano katagal ang proseso ng naturalisasyon?.....	8
2. Paano ko malalaman ang estado ng aking aplikasyon para sa naturalisasyon?	8
3. Ano ang gagawin ko kung ang aking address o tirahan ay nagbago matapos akong mag-aplay?	8
4. Magkano ang bayad sa pag-aaplay?	8
5. Paano kung hindi ko kayang bayaran ang application fee?	8
6. Ano ang epekto ng welfare o SSI sa aking aplikasyon?	8
7. Ano ang mga panganib sa pag-aaplay ko ng citizenship?	9
8. Kailangan ko bang maging matatas sa Ingles?	9
9. Anong impormasyon ang kasama sa eksam ng pagkamamamayan?	9
10. Maaari ko bang kunin ang citizenship exam bago ang aking panayan para sa naturalization?	9
11. Paano kung hindi ko naipasa ang eksam para sa pagkamamamayan?.....	10
12. Maari bang di na ako kumuha ng citizenship exam?	10
13. Maaari ko bang kunin ang citizenship exam sa aking sariling wika?	10
14. Paano kung ako ay may kapansanan?.....	10
15. Paano kung ako ay matanda?.....	11
16. Kung na-aprubahan ang aking aplikasyon, kailan ako magiging isang citizen?.....	11
17. Magiging citizen din ba ang aking mga anak kapag U.S. citizen na ako?	11
18. Ano ang gagawin ko kung tinanggihan ng USCIS ang aking aplikasyon?.....	11
SEKSYON F: Mga materyales para sa pag-aaral ng sibika (kasaysayan at gobyerno) na eksamen	12
Pag-aaralang mga tanong para sa BAGONG eksamen.....	12-21
Pag-aaralang mga tanong ng bagong eksamen para sa mga matatandang aplikante	22-23
SEKSYON G: Pag-aaralang materyales para sa eksamen sa Ingles.....	24
Mga bokabularyo.....	24-25
SEKSYON H: Mga Organisasyon na tumutulong sa pagiging U.S. citizen	26-27
SECTION I: Mga tagapagbigay ng English as a Second Language (ESL)	28
Mga Nakalakip	
Aplikasyon para sa Naturalization Form (N-400)	

GLOSARYO

Mga Mamamayan – Mga taong pinanganak sa Estadon Unidos, Puerto Rico o Isang Isla na lugar sa U.S., o sa ibang bansa; mga taong ipinanganak sa mga magulang ng U.S. na mamamayan; at mga ipinanganak sa ibang bansa na naging mamamayan sa pamamagitan ng prosesong naturalization.

Naturalized citizen – Isang taong ipinanganak sa ibang bansa na naging matagumpay na sumailalim sa proseso ng naturalisasyon.

Naturalisasyon – Kung ang isang taong ipinanganak sa ibang bansa ay kusang loob na maging isang U.S. na mamamayan. Kasama sa proseso ng naturalisasyon ay ang pag-aplay ng pagkamamamayan, ma-aprubahan para maging isang mamamayan, at kumuha ng Panunumpa ng Katapatan (Oath of Allegiance) sa Estados Unidos.

InfoPass – Isang libreng base sa Internet na sistema na kung saan maaaring makipag apoyntment ang mga tao upang makausap ang isang Immigration Information Officer (Opisyal na makakabigay impormasyon ukol sa immigrasyon). . <http://infopass.uscis.gov>

INS – Immigration and Naturalization Service . U.S. Citizenship and Immigration Service (USCIS) na ngayon..

USCIS – U.S. Citizenship and Immigration Service (kilala noon bilang INS, o Immigration and Naturalization Service).

Green card – I-551 or I-151 kilala din bilang Permanent Resident Card.

Permanent Resident Card – Isa pang tawag ng green card.

Legal Permanent Resident – Isang taong may green card.

N-400 – Application for Naturalization Form (Porma para sa aplikasyon ng Naturalisasyon).

N-648 – Base sa may kapansanan na waiver mula sa pag-eksamen ng sibika at mga pangangailangan para sa wikang Ingles na. Tinatawag din na “Medical Certification for Disability Exceptions.”

GAU – Pangkalahatang tulong na hindi magagamit mga tulong pangpinansiyal at mga benepisyong medical para sa mga taong may kapansanang pisikal at/o sa pag-iisip hindi maaring pagtrabahuin.

SSI – Supplemental Security Income. Tulong pangpinansiyal na nakalaan para matulungan ang nakakatanda, bulag o may-kapansanan na mga tao na mayroong kaunti o walang kinikita.

TANF – Temporary Aid for Needy Families (Temporaryong tulong para sa mga naghihikahos na mga pamilya) . Ang tulong pangpinansiyal para sa mga kwalipikadong pamilya na naghihikahos.

KAILANGAN MO BA NG TULONG SA PAG-AAPLAY PARA SA PAGKAMAMAMAYAN?

Ang City of Seattle’s New Citizen Initiative (NCI) ay isang programa na nagpopondo sa 20 na organisasyong naka-base sa komunidad upang matulungan ang mga may mabababang-sweldong mga indibidwal na nag-aaplay para sa pagkamamamayan . **Ikaw ba ay eligible?**

- Ikaw ba ay isang imigrante o refugee (taong tumakas mula sa lugar na mapanganib)?
- Taglay mo ba ang mga kinakailangan para sa naturalisasyon? (tingnan ang *Seksyon B*)
- Sa loob ng isang taon na may kakayahan ka na bang mag-aplay ng pagkamamamayan?
- Ikaw ba ay isang residente ng Lungsod ng Seattle na napatunayang may mababang kinikita O ikaw ba ay isang residente ng King County na tumatanggap ng pampublikong tulong (food (pagkain) stamps, Medicaid, TANF, GAU, SSI)?

Kung Oo ang sagot mo sa lahat ng mga katanungang na ito, kontakin ang isa sa mga organisasyon ng New Citizen Initiative lista sa *Seksyon H*.

SEKSYON A: MGA BENEPISYO NG PAGIGING ISANG MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS

- **Dalhin ang pamilya sa U.S.:** Ang mga mamamayan ay maaaring mag-aplay para sa mas maraming uri ng miyembro ng pamilya upang manirahan ng permanente kaysa sa mga mayroong green card, at madalas, ang mga miyembro ng pamilya na ito ay mas nakakadayo ng mas mabilis. .
- **Pagkamamamayan para sa mga bata :** Mga anak na walang asawa na may edad na hindi hihigit ng 18 ay maaaring maging mga mamamayan kung ang kanilang magulang ay magiging mga mamamayan.
- **Pagboto:** Ang mga mamamayan ay maaaring bumoto sa eleksiyon, magsilbi sa hurado o mahalal sa pampublikong opisina.
- **Byahe:** Ang mga mamamayan ay maaring magbyahe sa ibang bansa at walang dapat ikabahala sa pagkawala ng legal na estado.
- **Walang deportasyon:** Ang mga mamamayan ay hindi pwedeng i-deporte. Ang isang taong may green card ay maaaring tanggihan ng pagpasok ulit sa U.S. o maaaring i-deporte para sa pagsagawa ng mga krimen o pag iwan ng kanilang tirahan, iilan lang sa mga maraming rason.
- **Mas konting pagtrabaho ng papeles:** Ang pagkamamamayan ay permanente. Hindi mo na ito maaring baguhin.
- **Pupuwede sa mga trabahong pang-gobyerno:** Karamihan sa mga trabahong panggobyerno, kinakailangang ikaw ay isang U.S. citizen.
- **Pampublikong benepisyo:** Ang mga mamamayan ay kwalipikado para sa kumpletong saklaw ng mga pampublikong benepisyo. Ang hindi mamamayan na imigrante ay hindi pupuwede para sa ibang mga benepisyo, kung kaya't ang pagiging isang mamamayan ay pumuprotekta ng iyong pagiging kwalipikado para sa mga programang ito.
- **Pagmamay-ari ng baril:** Para sa mga hindi mamamayan illegal ang pagmamay-ari ng baril.
- **Ipakita ang iyong kabayanihan:** Ang pagkamamamayan ay isang paraan upang maipakita ang iyong dedikasyon at katapatan sa iyong bagong bansa.

SEKSYON B: MGA KINAKAILANGAN PARA SA NATURALISASYON

- **Kailangan maging 18 pataas.**
- **Isang legal na permanenteng residente (taong mayroong green card) na hindi bababa sa limang taon** (o tatlong taon kung kasal sa isang U.S. na mamamayan). Kailangan mo ng “green card” (I-551 or I-151).
- **Naninirahan ng tuloy-tuloy sa U.S. na hindi bababa ng limang taon, at** kailangang hindi umalis na hindi bababa ng kalahati ng panahon na ito (2 na taon at anim na buwan), at dapat wala ka sa labas ng U.S. ng hihigit o sobra ng isang taon. Kung ikaw ay kasal sa isang U.S. na mamamayan, ikaw ay dapat naninirahan ng tuloy-tuloy sa U.S. ng hindi bababa ng tatlong taon at kailangan na hindi umalis ng hindi bababa ng kalahati ng panahon na ito (1 na taon at anim na buwan), at dapat wala ka sa labas ng U.S. ng hihigit o sobra ng isang taon. .
- **Nakakapagsalita, nakakapagbasa at nakakapagsulat ng pangkuwentuhan na Ingles.** Para sa mga pagbubukod nito (exceptions), tingnan ang *Seksyon E*.
- **May kakayahang ipasa ang U.S. sibika (kasaysayan at gobyerno) na eksamen.** Para sa mga pagbubukod nito tingnan ang *Seksyon E*.
- **Maging isang taong may “good moral character (may mabuting moralidad)”** Kung ikaw ay may problema sa mga nakatala sa *Seksyon C*, makipag-usap sa isang imigrasyon na abogado BAGO mag-aplay para sa naturalisasyon.
- **Manumpa ng katapatan sa U.S. Lahat ng aplikante ay kailangang manumpa , at suportahan at ipagtanggol sa lahat ng oras ang U.S. at ang konstitusyon.** Lahat ng aplikante ay dapat pumayag na kumuha ng sumpa para suportahan at panindigan ang Estados Unidos at ang aming konstitusyon.

SEKSYON C: KAILAN KAILANGAN KUMUHA NG LEGAL NA TULONG BAGO MAG-APLAY PARA SA NATURALISASYON



BABALA! Kung totoo para sa inyo ang kahit na alin sa mga ito, kailangan mong kumuha ng konseho mula abugado ng immigration BAGO mag-aplay para sa citizenship.

Upang makahanap ng pang-immigration na abugado maaring niyong kontakin ang:
Northwest Justice Project sa www.washingtonlawhelp.org
King County Bar Association sa www.kcba.org or 206-267-7010
American Immigration Lawyers Association sa www.aialawyer.com

Ang King County Bar Association ay mayroon ding libreng magkakalapit na klinika. Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa:
www.kcba.org/ScriptContent/KCBA/legalhelp/NLC/clients.cfm

- Lumipat galing sa U.S.:** Ikaw ay lumipat sa ibang bansa mula ng makuha mo ang iyong green card.
- Mga Krimen:** Kung ikaw ay na-aresto, na-sentensyahan, o umamin sa paggawa ng kahit na anong krimen, kasama na pero hindi limitado sa mga kasalangan hindi gaanong mabigat, kahit na anong krimen na may kinalaman sa droga, pagmaneho habang lasing, pagnanakaw, bigamy, o prostitusyon.
- Deportasyon:** Kung ikaw ay mayroong deportasyon o exclusion (kilala din bilang removal o pagtanggap) na utos laban sa iyo.
- Mga Buwis:** Hindi ka nagbabayad ng iyong mga buwis, o nagbayad ka nito bilang isang non-resident (hindi residente).
- Suporta ng Bata:** Pinili mong huwag bigyan ng suportang pinansiyal ang iyong mga anak na ay wala pang 18, o tumanggi kang magbayad ng kinakailangang bayaran sa suporta ng bata.
- Selektibong Serbisyo:** Kung ikaw ay isang lalaking ipinanganak pagkatapos ng 1960 at tumira sa U.S. habang ikaw ay nasa pagitan ng edad 18 at 26 at hindi ka nagpa-rehistro para sa serbisyong militar.
- Probasyon:** Ikaw ay nasa probasyon o parol dahil sa hatol na kriminal.
- Biyanheng 6 na buwan:** Naglagi ka sa haba ng 6 na buwan sa labas ng U.S. mula ng nakuha mo ang iyong green card.
- USCIS na Impormasyon:** Magkaiba ang mga impormasyong ibinigay mo sa USCIS at aplikasyon sa pagkamamamayan upang makuha ang iyong green card o kaya naman ay hindi totoo ang iyong mga pahayag sa mga opisyal ng imigrasyon upang maging migrante at makakuha ng mga benepisyo tulad ng green card.
- Ilegal na pagpasok:** Mayroon kang tinulungan, kahit iyong anak, magulang o asawa na pumasok sa U.S. na hindi legal.
- Hindi totoong mga dokumento:** Ikaw ay na-akusahan na gumamit ng hindi totoong mga dokumento.
- Pang-domestikong karahasan:** Ikaw ay na-akusahan o nakasuhan ng paggawa ng pang-domestikong karahasan, abuso o pagpabaya ng isang bata, o nilabag mo ang isang proteksiyon na utos (protection order).
- Pagboto sa U.S.:** Kung ikaw ay nagpa-rehistro upang bumuto o bumuto sa isang pederal, estado o lokal na eleksiyon subalit ikaw ay hindi isang U.S. na mamamayan.

SEKSYON D: MGA HAKBANG UPANG MAGING ISANG LUBOS NA MAMAMAYAN

★UNANG HAKBANG: Aplikasyon

Kumuha ng aplikasyon na porma: Kailangan mo ng USCIS Form N-400 (Application for Naturalization). Ang N-400 na porma ay nakalakip sa babasahing ito. Maaari ding humingi ng form sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-870-3676 or maaari mo ring mag-print ng form galing sa USCIS na website sa <http://www.uscis.gov/files/form/N-400.pdf>.

Kumpletuhin ang application form: Sagutin ang lahat . Kailangan mo ang sumusunod na impormasyon upang makumpleto ang iyong application:

- Numero bilang dayuhan** – Ang numero na ito ay nasa inyong green card (I-551 or I-151, tinatawag din na Permanent Resident Card). Kung ang inyong green card ay lipas na o walang lipas na petsa, kailangan niyong kumontak ng isang immigration lawyer o organisasyong may pang citizenship na mga serbisyo BAGO mag-aplay para sa naturalisasyon (tingnan ang Seksyon C at H).
- Petsa ng pag-biyahe** – Mga petsa ng lahat ng biyahe na ginawa sa labas ng U.S. mula ng maging permanenteng residente(makuha ang iyong green card)
- Mga Panirahan** – Mga address ng lahat ng lugar na pinanirahan sa nakalipas na limang taon..
- Mga Pinagtrabahuan** - Listahan ng lahat ng pinagtrabahuan sa nakalipas na limang taon. Isali ang pangalan ng kumpanya, ang address, kailan nagtrabaho doon, at mga posisyon na ginampanan.
- Asawa** – Impormasyon tungkol sa inyong asawa. Isama ang pangalan ng asawa, address, petsa ng kapanganakan, petsa at lugar ng kasal, Social Security na numero at Dayuhang numero (kung angkop). Kung ang inyong asawa ay lubos na mamamayan, isama ang lugar at petsa ng naturalisasyon. Kung ang inyong asawa ay hindi dokumentado, kailangan niyong kumontak ng pang immigration na abugado BAGO umaplay ng naturalisasyon (tingnan ang Seksyon C).
- Nga nagdaang kasal** – Kung ikaw ay ikinasal na noon, o ang iyong asawa ay kinasal na noon, kailangan mong ipaalam o ipahayag lahat ng mga nakaraang mga asawa, mga petsa ng kasalan, mga petsa natapos ang inyong pagiging mag-asawa, kung bakit naghiwalay, at ang kasalukuyang katayuan sa immgrasyon ng inyong mga nakaraang mga asawa.
- Mga anak** – Impormasyon ukol sa lahat ng iyong mga anak. Huwag kalimutang isama ang mga namatay na, mga anak sa mga nakaraang relasyon o kasal, mga anak na nakatira sa labas ng U.S.. Isama ang kanilang mga pangalan, mga petsa at lugar ng kapanganakan, kasalukuyang tirahan at mga Alien Numbers (kung mayroon).
- Rekords o Talaan ng Korte at Pulis** – Kung ikaw ay na-aresto para sa kahit na anong rason (kasama na ang mga kasalanang di gaanong mabigat at pagmamaneho habang lasing), kailangan mo ng mga petsa ng pag-aresto, pag demanda at kopya ng desisyon ng korte . Kailangan mong sabihin ang lahat ng ito kahit na sinabi na ng iyong abogado o huwes na ang iyong rekord ay magiging “malinis”. Kung ikaw ay na-aresto, kailangan mong kumontak ng immigration lawyer BAGO mag-aplay para sa naturalisasyon (tingnan ang *Section C*).
- Selective Service (Selektibong Serbisyo) na numero** – Lahat ng lalaking ipinanganak pagkatapos ng 1960 na tumira sa U.S. na may edad mula 18 hanggang 26 ay kailangang magpa-rehistro para sa Selektibong Serbisyo. Kailangan mo ng iyong Selektibong Serbisyo na numero upang mag-aplay. Maaari kang magpa-rehistro o kunin ang numero na ito sa pamamagitan ng pagtawag ng 1-847-688-6888 o pagpunta sa Selectibong Serbisyo na website sa www.sss.gov. Kung ikaw ay kinakailangang magpa-rehistro , pero hindi ka nagpa-rehistro bago ka nag 26, kailangan mong kumontak ng immigration lawwer na makakatulong sa pagkamamamayan BAGO mag-aplay para sa naturalisasyon (tingnan ang *Seksyon C at H*).

Lahat ng aplikante ay kinakailangang tingnan at i-tsek ang www.uscis.gov para sa pinaka bagong bayarin at mga porma bago mag-aplay. Lahat ng bayarin at mga porma ay maaaring luma na. Kung kailangan mo ng tulong sa pag-kumpleto ng iyong application form, kontaking ang isa sa mga organisasyong makakatulong sa pagkamamamayan na nakalista sa *Seksyon H*.

Mga Dokumentong kailangan mong isama sa iyong application form:

- Kopya ng magkabilang panig (side) ng iyong green card - (I-551 or I-151, tinatawag din na Permanent Resident Card).
- Dalawang magkaparehong litratong dekolor, sukat pasaporte (2" x 2"), kuha sa loob ng 30 araw mula sa pagkapadala sa USCIS--- Isulat nang bahagya ang iyong pangalan at “*Alien Number*” sa likod ng bawat litrato gamit ang lapis.
- Tseke o money order – Kailangan mo ng tseke o money order na \$675 (\$595 para sa bayarin sa pagtatag (file) at \$80 para sa pagkuha ng bakas ng daliri) na bayarin). Mga aplikante na may edad na 75 o higit pa ay hindi na kinukunan ng bakas ng daliri at hindi ka pinagbabayad ng bayarin para sa pagkuha ng bakas ng daliri. Gawin o isulat sa tseke o money order na ito ay ibabayad sa “Department of Homeland Security.” Huwag gumamit ng mga inisyal na DHS o USDHS. Huwag magpadala ng salapi. Kung ikaw ay may mababang kinikita (low-income) at kasalukayang dumadanas ng labis na paghihirap pagdating sa pera, maaari mong ipagpaliban (waive) ang bayaring ito. Para sa dagdag na impormasyon ukol sa mga fee waiver (pagpaliban ng mga bayarin), tingnan ang *Seksyon E*.

Gawan ng kopya ang lahat ng iyong ipapadala at ilagay ito sa protektadong lugar.

Ipadala ang iyong aplikasyon

Huwag dalhin ang aplikasyon sa opisina ng USCIS. Pumunta sa U.S. Post Office o isang pribadong “*mail company*” tulad ng FedEx o DHL at ihulog/ipadala ang: 1) “*application form*” 2) kopya ng “*green card*” 3) mga litrato 4) tseke o money order, at ipadala ng *CERTIFIED MAIL, RETURN RECEIPT* sa isang tinalagang USCIS Lockbox Facility:

Kung kayo ay naninirahan sa **Alaska, Arizona, California, Colorado, Hawaii, Idaho, Illinois, Indiana, Iowa, Kansas, Michigan, Minnesota, Missouri, Montana, Nebraska, Nevada, North Dakota, Ohio, Oregon, South Dakota, Utah, Washington, Wisconsin, Wyoming, Territory of Guam, or Northern Mariana Islands**, ipadala ang iyong aplikasyon sa:

USCIS Lockbox Facility USCIS P.O. Box 21251 Phoenix, AZ 85036 (For MOST Washington State residents)	Private Courier (non-USPS) Deliveries: USCIS Attention: N-400 1820 E. Skyharbor Circle S. Floor 1 Phoenix, AZ 85036
--	---

Kung kayo naninirahan sa **Alabama, Arkansas, Connecticut, Delaware, District of Columbia, Florida, Georgia, Kentucky, Louisiana, Maine, Maryland, Massachusetts, Mississippi, New Hampshire, New Jersey, New Mexico, New York, North Carolina, Oklahoma, Pennsylvania, Puerto Rico, Rhode Island, South Carolina, Tennessee, Texas, Vermont, Virginia, West Virginia, or U.S. Virgin Islands**, ipadala ang iyong aplikasyon sa:

USCIS Lockbox Facility USCIS P.O. Box 299026 Lewisville, TX 75029	Private Courier (non-USPS) Deliveries: USCIS Attention: N-400 2501 S. State Hwy 121, Bldg. 4 Lewisville, TX 75067
---	--

Mga Kaanib ng Militar at kanilang Asawa:

Kung kayo ay isang beterano o aktibong miembro ng U.S. Armed Forces at maaring mag-*apply* para sa "*naturalization*" batay sa Seksyon 328 o 329 ng INA, o isang asawa ng kasalukuyang kaanib ng U.S. Armed Forces, ipadala ang inyong aplikasyon sa:

USCIS Service Center Nebraska Service Center P.O. Box 87426 Lincoln, NE 68501-7426	Private Courier (non-USPS) Deliveries: Nebraska Service Center 850 S Street Lincoln, NE 68508
---	--

Paano kung ako ay nakatira sa ibang bansa?

Kung kayo ay nasa ibang bansa at nag-"*file*" ng Form N-400, ipadala ang inyong aplikasyon sa USCIS Lockbox Facility na naglilingkod sa opisina ng USCIS kung saan ninyo gustong makapanayam o ma-interview.

Paano kung ako ay kasalukuyang naglilingkod bilang aktibong kaanib (avtice duty) sa military ?

Kung kayo ay nag-aaply ng *naturalization* batay sa sapat na paglilingkod sa *military*, at kasalukuyang nanunungkulan bilang aktibong kaanib (*active duty*), maaari kayong pumunta sa inyong *service's personnel office* para sa karagdagang impormasyon sa pag-aaply. Sumangguni sa inyong *personnel office* kahit na kayo ay nakatalaga sa ibang bansa. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang "*Naturalization Information for Military Personnel*" (Form M- (Form M-599).

Pagtanggap ng receipt (resibo)

Dapat makatanggap ka ng resibo galing sa USCIS sa loob ng isa o dalawang buwan na magsasabi na kanilang natanggap ang inyong aplikasyon. Ang resibong ito ay importante dahil gagamitin mo ang numero ng resibo upang i-tsek ang estado ng inyong aplikasyon. *Kung wala kang natanggap na resibo dalawang buwan makaraan ang inyong pag talagtag o pagsampa ng inyong aplikasyon, kailangan mong kontakin ang USCIS sa 1-800-375-5283.*

WHEN SHOULD YOU START STUDYING FOR YOUR EXAM?

KAILAN KA DAPAT MAGSIMULANG MAG-ARAL PARA SA IYONG EKSAMEN?

Habang nakikipag panayam, ang isang USCIS na opisyal ay susubok ng inyong abilidad na magbasa, magsulat, at magsalita ng Ingles at ikaw ay bibigyan ng isang sibika na eksamen sa Ingles upang subukan ang inyong pag-intindi ng kasaysayan ng U.S. at gobyerno. Kung ikaw ay nagbabasa o nagsasalita ng kaunting Ingles o walang Ingles, O, hindi ka nakakapagbasa o nakakapagsulat sa iyong sariling wika, kailangan mo ng maghanda para sa eksamen ng pagkamamamayansa pinaka madaling panahon. Para sa dagdag na impormasyon ukol sa naturalization na eksamen, tingnan ang mga *Seksyon F at G*. Upang maghanap ng organisasyon na makakatulong sa iyo na maghanda para sa eksamen, tingnan ang *Seksyon H*.

★PANGALAWANG HAKBANG: Pumunta sa inyong fingerprinting (pagkuha ng bakas ng daliri) na katungkulan

Ilang buwan matapos mong tapusin at I-file (talatag) ang inyong aplikasyon, ang USCIS ay magpapadala sa iyo ng sulat na magsasabi kung kailan at kung saan ang inyong fingerprinting (pagkuha ng bakas ng daliri) na katungkulan naka-iskedyul. Ang pagkuha ng bakas ng inyong daliri ay karaniwang nagaganap sa inyong lokal na USCIS na opisina. Dalhin ang inyong sulat galing sa USCIS, ang inyong Permanenteng Residente na Kard (green card), at ang dagdag na pangangatawan ng identipikasyon na may litrato kang nakalagay (lisensya ng pagmamaneho, pasaporte, o pang estado na identipikasyon na kard). Kung ikaw ay edad 75 o higit pa nung nag-aplay ka, hindi mo na kailangan kunan ng bakas ng daliri. **Ang USCIS Seattle na opisina ay nasa: 12500 Tukwila International Blvd., Tukwila, WA 98168.**

★PANGATLONG HAKBANG: Magpadala ng dagdag na mga dokumento kung hihingin ng USCIS ang mga ito

Kung minsan, ang USCIS ay hihingi ng dagdag na dokumento mula sa iyo. Kung ang USCIS ay nangangailangan ng impormasyon, makakatanggap ka ng sulat na nagsasabi kung anong impormasyon ang kinakailangan at kun saan ito dapat ipadala.

★PANG-APAT NA HAKBANG: Hintaying ma-iskedyul ang iyong interbyu

Ilang buwan matapos kang kunan ng bakas ng daliri (fingerprinting), makakatanggap ka ng sulat na magsasabi sa iyo kung saan at kailan ang iskedyul ng iyong interbyu. Kung hindi ka makakarating sa araw na ito, kailangan mong hilingin sa pamamagitan ng pagsulat na i-skedyul kang muli sa interbyu. Gawin ito sa lalong medaling panahon. Kung may bago ka ng petsa ng panayam, makakatanggap ka ulit ng bagong sulat. Ang magpa-iskedyul ulit ng interbyu ay maaaring makadagdag ng ilang buwan sa proseso ng aplikasyon. *Kung hindi ka pa nakakatanggap ng sulat galing sa USCIS pitong buwan matapos kang mag-aplay, kailangan mong kontak ang USCIS Customer Service sa 1-800-375-5283.*

Paalala: Ang USCIS ngayon ay nag-susumite ng mga impormasyon ng mga aplikante sa FBI para sa dagdag na pagberipika ng seguridad na tinatawag na “name check.” Karamihan ng mga pangalang tsinitsek ay natatapos sa loob ng ilang mga linggo. Subalit, sa mga pa-iilan-ilang mga kaso, ang name check ay maaaring tumagal, minsan inaabot ng ilang taon. Ito ay nakakapag patagal ng di hamak sa proseso ng aplikasyon.

★PANG-LIMANG HAKBANG: Pumunta sa iyong interbyu

Bago ang iyong interbyu, basahin ang iyong application form upang huwag makalimutan kung ano ang iyong isinulat. Sa interbyu, tatanungin ka tungkol sa iyong sarili at sa iyong aplikasyon. Importanteng importante na ikaw ay magpakatotoo sa lahat ng bagay! Ang pagsisinugaling – kahit sa mga maliliit na bagay– ay maaaring maging rason na ang iyong aplikasyon ay tanggihan o matagalan. Huwag kalimutang dumating sa takdang oras para sa iyong interbyu. **Ang USCIS Seattle office ay nasa: 12500 Tukwila International Blvd., Tukwila, WA 98168.**

BABALA! Kung kayo ay hindi makakarating sa iyong interview, at hindi naipaalam sa USCIS, ititigil ng USCIS ang pagpoproseso ng inyong kaso Kung hindi mo kinontak ang USCIS sa loob ng isang taon upang buksan ulit ang iyong kaso, ang iyong aplikasyon ay pormal na tatanggihan at kailangan mong simulan ulit ang proseso.

Habang nasa iyong panayam, ang isang opisyal ng USCIS ay susubukan ang iyong abilidad na magbasa, magsulat at magsalita ng Ingles, at ang iyong kaalaman gobyerno at kasaysayan ng U.S. (tinatawag na *civics o sibika*). Kung hindi mo ma-ipasa ang mga ekasamen, maaari kang magpa iskedyul ulit ng isa pang interbyu. Kung hindi ka pa rin pumasa sa pangalawang pagkakataon, kailangan mong ulitin ang buong proseso ng aplikasyon.

★PANG-ANIM NA HAKBANG: Tumanggap ng desisyon

Pagkatapos ng *interview*, kayo ay makakatanggap ng Form N-652 na magbibigay ng impormasyon tungkol sa resulta ng iyong eksamen Ang iyong aplikasyon para sa naturalisasyon ay aaprubahan, ipapatuloy o tatanggihan habang ikaw ay nasa USCIS na opisina.

★PANG-PITONG HAKBANG: Oath of Allegiance (Panunumpa ng Katapatan)

Ikaw ay magiging isang mamamayan kapag nagawa mo na ang Panunumpa ng Katapatan sa Estados Unidos sa isang seremonya ng naturalization. Sa ibang lugar, maaari mong piliin na gawin ang panunumpa sa parehong araw ng iyong interbyu. Kung ito ay hindi pupuwede, o kung mas gusto mo ng seremonya sa mas matagal na petsa, ang USCIS ay magpapadala sa iyo ng sulat na may petsa, oras at lugar ng sermonyana na dapat mong daluhan.

SEKSYON E: MGA MADALAS ITANONG

1. GAANO KATAGAL ANG PROSESO NG NATURALISASYON?

Ito ay iba-iba, pero kadalasan sa Washington state, ito ay anim hanggang walong buwan mula aplikasyon hanggang sa pagkamamamayan.

2. PAANO KO MALALAMAN ANG ESTADO NG AKING NATURALIZATION APPLICATION?

Maaari mong i-tsek ang estado ng iyong naturalisasyon na aplikasyon sa pagbisita sa www.uscis.gov o sa pagtawag sa USCIS Customer Service sa 1-800-375-5283. *Para sa live assistance (may taong tutulong sa telepono) sa Ingles, pindutin ang 1,2,4,0.* Maari kang makipagkita sa <http://infopass.uscis.gov>. **Ang USCIS Seattle office ay nasa: 12500 Tukwila International Blvd., Tukwila, WA 98168.**

3. ANO ANG GAGAWIN KO KUNG ANG AKING ADDRESS AY NAGBAGO PAGKATAPOS KONG MAG-APLAY?

Napaka importante na mayroon ang USCIS ng iyong kasalukuyang address o tirahan. Kung wala sila ng tamang na address mo, maaaring hindi ka makatanggap ng importanteng impormasyon. Halimbawa, hindi mapapaalam ng USCIS sa iyo ang petsa at oras ng iyong interbyu. Tuwing lilipat ka, ikinakailangang ng batas na ipaalam mo sa USCIS ang iyong bagong address o tirahan. Kung ikaw ay lumipat pagkatapos mong isinumite ang iyong N-400, tumawag sa USCIS Customer Service sa 1-800-375-5283. *Para sa live assistance (may taong tutulong sa telepono) sa Ingles, pindutin ang 1,2,4,0.* Kailangan mong mag-salansan (file) para sa “Alien’s Change of Address Card,” na porma AR-11. Kailangan mong ifile ang form AR-11 sa loob ng 10 na araw ng iyong paglipat.

4. MAGKANO ANG MAGAGASTOS SA PAG-APLAY?

Ang buong halaga ay \$675 (\$595 para sa bayarin sa pag file at \$80 para sa pagkuha ng bakas ng daliri) na bayarin). Mga aplikante na may edad na 75 o higit pa ay hindi na kinukunan ng bakas ng daliri at hindi ka pinagbabayad ng bayarin para sa pagkuha ng bakas ng daliri. Lahat ng aplikante ay kinakailangang tingnan at i-tsek ang www.uscis.gov para sa pinaka bagong bayarin at mga porma bago mag-aplay. Lahat ng bayarin at mga porma ay maaaring luma na.

5. PAANO KUNG HINDI KO KAYANG BAYARAN ANG BAYARIN PARA SA APLIKASYON?

Kung hindi mo kayang bayaran ang bayarin sa aplikasyon, maaari mong hilingin na ipagpaliban ang pagbayad nito. Subalit, kailangan mong magpakita ng patunay na wala kang kakayahang magbayad. Upang mag-aplay para kasulatan ng pag-urong sa pagbabayad (fee waiver), kailangan mong:

- Gumawa ng sulat na pinirmahan at nilagyan ng petsa at kasama ang pahayag na: “Aking dinideklara sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na ang nabanggit at totoo at tama.”
- Partikular na humingi ng fee waiver, at sabihin ang mga rason kung bakit hindi mo kayang bayaran ang bayarin nga pag-salansan (filing fee).
- Magsama ng patunay na hindi mo kayang magbayad (kopya ng iyong SSI o TANF na tseke).

Ang fee waiver ay kailanganag isumite kasama ng iyong aplikasyon. Ilagay ang iyong hiling sa hiwalay na sobre at isulat sa malalaking letra sa labas ng sobre ang

“Fee Waiver Request”. Kung ang iyong hiling ay tinanggihan, ang buong pakete ay ibabalik sa iyo, at kailangan mong simulan muli ang proseso ng aplikasyon sa pamamagitan ng pag-salansan ng iyong aplikasyon kasama ang tamang bayarin. Para sa dagdag na impormasyon ukol sa fee waiver na hiling, magpunta sa www.uscis.gov/feewaiver o kontakin ang isang organisasyon na makakatulong sa pagkamamamayan sa *Seksyon H*.

6. NAKAKA-APEKTO BA SA AKING NATURALISASYON KUNG AKO AY NASA WELFARE ?

Hindi. Ang pampublikong benepisyo ay makakaapekto lamang ng proseso ng naturalisasyon kung ma-diskubre na natatanggap mo ito sa pamamagitan ng pandaraya.

7. ANO ANG MGA PANGANIB SA PAG-AAPLAY NG PAGKAMAMAMAYAN?

Kahit na ikaw ay may green card, may panganib pa rin ng deportasyon kung isa sa mga sumusunod ay totoo:

- ikaw ay hindi pinayagang makapasok nung huling panahon na ikaw ay pumasok sa U.S.,
- ikaw ay nahatulan ng ilang mga krimen,
- ikaw ay nasa labas ng U.S. ng masayadong matagal,
- ikaw ay tumulong ng ibang tao na pumasok sa U.S. na illegal, o
- Ikaw ay gumawa ng mga pandarayang mga pahayag upang makatanggap ng pampublikong tulong o mga benepisyong imigrasyon.

Kung isa sa alin man sa itaas ay totoo para sa iyo, napaka importante na mayroon kang tulong mula sa isang taong may alam ukol sa naturalisasyon BAGO ka mag-aplay. Para sa dagdag na impormasyon ukol sa mga immigration lawyer, tingnan ang *Seksiyon C*. Para sa dagdag na impormasyon ukol sa mga organisasyon na makakatulong sa pagkamamamayan, tingnan ang *Seksiyon H*.

Kung ikaw ay naging isang U.S. na mamamayan, baka kailangan mo ring isuko ang iyong pagiging mamamayan ng iyong bansang sinilangan.

8. KAILANGAN KO BANG MAGING MAHUSAY SA INGLES?

Hindi mo kailangang maging matatas, pero kailangan na marunong kang makipag usap sa Ingles. Habang nasa iyong interbyu, kailangan mong sagutan ang mga tanong ukol sa iyong aplikasyon sa Ingles, at sagutan ang mga katanungan sa Sibika at Kasaysayan ng U.S. sa Ingles. Kung ikaw ay 50 taong gulang at mayroong green card ng 20 taon na, o ikaw ay 55 na taong gulang at mayroong green card ng 15 na taon na, maari mong kunin ang eksamen ng pagkamamamayan sa iyong katutubong wika. Kailangan mong magsama ng tagapag salin ng wika sa iyong interbyu. Ang tagapag salin ay hindi pupwedeng isang miyembro ng pamilya. Kailangan mo pa ring kunin ang eksamen sa sibika, pero sa iyong katutubong wika.

9. ANONG IMPORMASYON ANG KASAMA SA EKSAMEN NG PAGKAMAMAMAYAN?

Kailangang marunong kang makipag usap sa Ingles. Kailangan mo ring malaman ang tungkol sa kasaysayan at gobyerno ng U.S. (tinatawag na sibika). Ang iyong kasanayan sa Ingles ay masusubukan sa mga sumusunod na paraan:

- **Pagbabasa** – Ikaw ay pagbabasahin ng isang pangungusap sa Ingles. Bibigyan ka ng tatlong pagkakataon. Kailangan mong makuha ang kahit na isang tama.
- **Pagsusulat** - Ikaw ay pagsusulatin ng isang pangungusap sa Ingles. Bibigyan ka ng tatlong pagkakataon. Kailangan mong makuha ng kahit na isang tama.
- **Pagsasalita** – Ang USCIS na opisyal ay susubok ng iyong kakayahang magsalita ng Ingles kapag ikaw ay sasagot ng mga tanong ukol sa iyong sarili at iyong aplikasyon sa iyong interbyu.

Ikaw ay tatanungin na sagutin sa pamamagitan ng pagbigkas ang isang kumpol na mga tanong ukol sa sibika upang makita ang iyong pag-unawa (kasaysayan at gobyerno ng U.S.). Mayroong 10 na tanong. Upang pumasa, kailangan mong sagutan ng tama ang anim sa 10 na tanong. Kung ikaw ay 65 na taon at higit pa at isang Legal Permanent Resident (isang taong may green card) ng 20 na taon at higit pa, pwede kang mag-aral ng mas konti na mga tanong. **Mga halimbawang tanong para sa kasalukuyang bersiyon ng eksamen, na kasama ang may edad 65 o higit pa ay kasama sa *Section F*. Mga halimbawang pangungusap at salita ay makikita sa *Section G*. Ang impormasyon na ito ay makikita rin sa www.uscis.gov sa ilalim ng *Education and Resources*.**

Maraming mga lokal na organisasyon ang makakatulong sa iyo para maghanda sa eksamen. Tingnan ang mga organisasyong serbisyong pagkamamamayan naka lista sa *Seksiyon H*.

10. PUPUWEDE KO BANG KUNIN ANG EKSAMEN SA PAGKAMAMAMAYAN BAGO ANG AKING NATURALISASYON NA INTERBYU?

Hindi. Ang eksamen ay maaari lamang kunin sa panayam ng naturalization.

11. PAANO KAPAG HINDI AKO PUMASA SA EKSAMEN NG PAGKAMAMAMAYAN?

Kung hindi mo naipasa ang eksamen sa iyong unang interbyu, bibigyan ka ng pangalawang pagkakataon upang kunin ang eksamen, madalas sa loob ng 60-90 na araw. Hindi mo na kailangan pang mag-salansan ng panibagong aplikasyon na porma. Makakatanggap ka ng sulat na magbibigay sa iyo ng petsa, oras at lugar ng eksamen. Kung hindi mo muling naipasa ang eksamen, ang iyong aplikasyon ay tatanggihan na. Subalit, maaari kang mag-aplay pang muli kung nakapag-aral ka na ng sapat na Ingles o sibika upang maipasa mo ang parehong eksamen. PAALALA: Kung ibinagsak mo ang eksamen, humingi ng Form N-652, na magbibigay sa iyo ng impormasyon ukol sa resulta ng iyong eksamen.

12. MAAARI BA AKONG HINDI KUMUHA NG EKSAMEN SA PAGKAMAMAMAYAN?

Ang ibang tao ay hindi na kinakailangang kumuha pa ng eksamen sa Ingles at sibika dahil sa mga pisikal at mental na kapansanan na makakahadlang sa kanilang makapag-aral. (Kailangan pa rin nilang magpunta sa kanilang interbyu.) Upang humingi ng pagkakapuwera, kailangan mong mag-file ng disability waiver (kasulatan ng pag-urong dahil sa kapansanan) (Form N-648). **Mahirap na mahirap makakuha ng disability waiver.** Kung naniniwala kang ikaw ay dapat makakuha ng disability waiver, kailangan mong kumontak ng isang organisasyon na nakakaintindi kung paano mag-aplay para sa N-648. Maaari kang makahanap ng listahan ng mga immigration lawyer sa *Seksyon C* at isang listahan ng mga organisasyon na makakatulong sa pagkamamamayan sa *Seksyon H*. Para sa dagdag na impormasyon ukol sa disability waivers, tingnan ang *Tanong 14*.

13. MAAARI KO BANG KUNIN ANG EKSAMEN PARA SA PAGKAMAMAMAYAN SA AKING KATUTUBONG WIKA?

Kung ikaw ay 55 na taon at isang Legal Permanent Resident (mayroon kang green card) ng 15 na taon na, o ikaw ay 50 na taong gulang at higit pa at isang Legal Permanent Resident ng hindi kukulang sa 20 na taon na, hindi mo kailangang magsalita ng Ingles sa interbyu. Kailangan mong madala ng tagapag salin ng wika sa iyong interbyu. Ang tagapag salin ay hindi pupwedeng isang miyembro ng pamilya. Kailangan mo pa ring kunin ang eksamen sa sibika, pero sa iyong katutubong salita.

14. PAANO KUNG AKO AY MAY KAPANSANAN?

Ang USCIS ay makakatulong sa mga taong may kapansanan sa mga sumusunod na paraan:

Akomodasyon – ang USCIS ay pumapayag ng samut-saring klase ng “accommodation,” (tulong). Kapag iyong isinumite ang iyong N-400, kailangan mong linawin kung anong klase ng tulong ang iyong kailangan. Ang USCIS ay makakatulong sa pamamagitan ng:

- pagpayag na gumamit ka ng senyas na wika (sign language) kung ikaw ay bingi,
- pagbigay ng labis na oras upang masagutan mo ang sibika (kasaysayan at gobyerno) na mga tanong,
- pagpayag na kunin ang eksamen sa iyong katutubong wika (kung ikaw ay makakaabot sa mga iilang kinakailangan, tingnan ang *Tanong 13*),
- pag-pangasiwa ng interbyu sa isang kwarto na pupuwede ang wheelchair, at
- iba pang pagtulong na hindi nabanggit dito. Tumawag sa USCIS Customer Service sa 1-800-375-5283. *Para sa live assistance (may taong tutulong sa telepono) sa Ingles, pindutin ang 1,2,4,0.*

Disability-based waivers (kasulatan ng pag-urong dahil sa kapansanan) (Form N-648) - Kung ikaw ay may kapansanan na makakahadlang sa iyong na mag-aral, maaari mong hingin na ang na ipagpaliban

ang eksamen sa sibika at Ingles. Kailangan mo pa rin magpunta sa iyong interbyu. Upang makakuha ng disability-based waivers, kailangan mong ipa-kumpleto sa iyong doktor ang Form N-648. **Ang Disability-based waivers ay mahirap na mahirap makuha!** Ang ibang mga tao ay nakakuha ng “disability waiver” para sa mga kapansanan tulad ng strokes, post-traumatic stress disorder at Alzheimer’s. Ikaw o ang iyong doktor ay kailangang kumunsulta sa isang abogado (tingnan ang *Seksyon C*) o isang organisasyon na pamilyar sa naturalisasyon upang ang porma ay makumpleto ng tama at sapat. (tingnan ang *Seksyon H*). Ipadala ang N-648 sa USCIS kasam ang iyong N-400 kapag nag-aplay ng pagkamamamayan.

15. PAANO KUNG AKO AY ISANG MATANDA?

Ang sumusunod ay mga espesyal na akomodasyon na pupuwede para sa mga matatanda:

- Ingles na Wika - Kung ikaw ay 50 taong gulang at 20 taon ng may green card, o ikaw ay 55 na taong gulang at mayroong green card ng 15 na taon na, maari mong kunin ang eksamen sa pagkamamamayan sa iyong katutubong wika.
- Binagong Eksamen - Kung ikaw ay 65 na taon at higit pa at mayroong green card ng 20 na taon at higit pa, pwede kang mag-aral ng binawasan na bilang ng mga tanong.
- Pagkuha ng bakas ng daliri - Kung ikaw ay 65 na taon ng ikaw ay nag-aplay, hindi ka kailangan kunan ng bakas ng daliri. Ibig sabihin nito, hindi mo rin kailangan magbayad ng \$80 na bayarin para sa pagkuha ng bakas ng daliri.

16. KUNG ANG AKING APLIKASYON AY NA-APRUBAHAN, KAILAN AKO MAGIGING ISANG MAMAMAYAN?

Ikaw ay magiging isang mamamayan kapag nagawa mo na ang Panunumpa ng Katapatan (Oath of Allegiance) sa Estados Unidos sa isang naturalisasyon na seremonya. Sa ibang lugar, maaari mong piliin na gawin ang panunumpa sa parehong araw ng iyong interbyu. Kung ito ay hindi pupuwede, o kung mas gusto mo ng seremonya sa mas matagal na petsa, ang USCIS ay magpapadala sa iyo ng sulat na may petsa, oras at lugar ng seremonya na dapat mong daluhan.

17. ANG AKING MGA ANAK BA AY MAGIGING MGA MAMAMAYAN DIN KAPAG AKO AY NAGING MAMAMAYAN?

Noong 2001, ipinasa ang isang batas na automatikong binibigyan ng pagkamamamayan ang mga hindi kasal na anak na mas mababa sa 18 na taong gulang kapag naging lubos na mamamayan na ang magulang, basta’t ang mga anak ay mayroong mga green card at ang magiging mamamayan na magulang ay may legal at pisikal na pagkalinga. (Ang ibig sabihin ng Legal na pagkalinga (legal custody) ay may awtoridad na gumawa ng mga desisyon ukol sa kapakanan ng iyong anak. Ibig sabihin ng Pisikal na pagkalinga ay natutulong ang iyong anak sa iyong bahay ng madalas na panahon). Kung ikaw ay naging lubos na mamamayan bago ang bagong batas, ang iyong anak na hindi kasal mas bababa ng 18 na taon ay magiging mamamayan ng U.S. sa petsa na ang batas ay naging epektibo: Pebrero 27, 2001. Maaaring kumuha ang mga magulang ng pruwera ng pagkamamamayan ng kanilang anak sa pamamagitan ng pagsalansan ng N-600 na porma o pagsalansan para sa isang U.S. na pasaporte.

18. ANO ANG AKING GAGAWIN KUNG TINANGGIHAN NG USCIS ANG AKING APLIKASYON?

Maaari kang humiling ng pagdinig kasama ang isang opisyal ng imigrasyon. Ang iyong sulat ng pagtanggig (denial letter) ay magpapaliwanag kung paano hihiling ng pagdinig at kasama dito ang porma na kailangan mo. Sa kadalasan ng mga kaso, maaari kang mag-aplay pang muli para sa naturalisasyon. Upang mag-aplay ulit, kailangan mong kumpletuhin at mag-sumite ulit ng bagong aplikasyon at magbayad ng bayarin ulit. Kailangan mo din magpakuha ng bakas ng daliri at litrato ulit. Kung ikaw ay tinanggihan dahil hindi mo naipasa ang eksamen sa Ingles o sibika ng 2 beses, maaari kang mag-aplay ulit kahit na kailan mo gusto. Mag-aplay ka ulit kapag naniniwala kang natuto ka na ng Ingles o sibika ng sapat na maipasa mo ang parehong eksamen.

SEKSYON F: MATERYALES PARA SA PAG-AARAL NG SIBIKA (KASAYSAYAN AT GOBYERNO) NA EKSAMEN

Kailangan na marunong kang makipag usap sa Ingles. Kailangan mo ding malaman ang tungkol sa U.S. na kasaysayan at gobyerno (tinatawag na sibika).

Ang iyong kasanayan sa Ingles ay masusubukan sa mga sumusunod na paraan:

- Pagbasa –Ikaw ay hihilingin na magbasa ng isang pangungusap sa Ingles. Bibigyan ka ng tatlong pagkakataon. Kailangan mong makuha ang kahit isa ng tama.
- Pagsulat –Ikaw ay hihilingin na magsulat ng isang pangungusap sa Ingles. Bibigyan ka ng tatlong pagkakataon. Kailangan mong makuha ang kahit isa ng tama.
- Pagsasalita – Ang opisyal ng USCIS ay susubok ng iyong kakayahang magsalita ng Ingles kapag ikaw ay sasagot ng mga tanong ukol sa iyong sarili at iyong aplikasyon sa iyong interbyu.

Ikaw ay hihilingin na sagutan sa pamamagitan ng pagbigkas ng isang kumpol na mga tanong ukol sa sibika upang makita ang iyong pagka-intindi ng sibika (kasaysayan at gobyerno) ng U.S.. Mayroong 10 tanong. Upang pumasa, kailangan mong sagutan ng tama ang anim sa 10 na tanong.

Kung ikaw ay 65 na taon at higit pa at isang Legal Permanent Resident (isang taong may green card) ng hindi kumukulang sa 20 na taon, pwede kang mag-aral ng mas konti na mga tanong.

Sa ibaba ay mga halimbawa ng mga tanong na maaaring itanong sa iyo sa iyong interbyu para sa naturalization. Ang halimbawang mga tanong para sa KASALUKUYANG eksamen ay nakalista sa una, susundan ng mga halimbawang tanong para sa BAGONG eksamen.

STUDY QUESTIONS FOR THE CURRENT NATURALIZATION EXAM MGA TANONG NA PAG-AARALAN PARA SA KASALUKUYANG NATURALISASYON NA EKSAMEN

Ilan sa mga tanong ay mayroong iilang sagot na nakalista Ito ay dahil maaaring mayroong iilang paraan ng pagsabi ng parehong bagay, o dahil mayroong higit pa sa isang posibleng sagot. Ikaw ay kinakailangang magbigay ng isang sagot mula sa listahan, maliban nalang kung ang tanong ay particular na humihingi ng higit sa isa. Ikaw ay tatanungin ng 10 na tanong at kailangang masagutan ng tama ang anim mula sa 10.

QUESTIONS	ANSWERS
MGA TANONG	MGA SAGOT
AMERICAN GOVERNMENT QUESTIONS	
GOBYERNO NG AMERIKA NA MGA TANONG	
Principles of American Democracy	
Mga Panuntunan ng Demokrasya ng Amerika	
1. What is the supreme law of the land?	The Constitution
1. Ano ang pinakamakapangyarihang batas ng Estados Unidos?	Ang Konstitusyon
2. What does the Constitution do?	Sets up the government; defines the government; protects basic rights of Americans
2. Ano ang ginagawa ng Konstitusyon?	Itatag ang gobyerno; sabihin kung ano ang gobyerno; protektahan ang pundamentang mga karapatan ng mga Amerikano
3. The idea of self-government is in the first three words of the Constitution. What are these words?	“We the People”
3. Ang ideya ng sariling gobyerno ay nasa pinaka unang tatlo	“Kaming mga tao”

na salita ng Konstitusyon. Ano ang mga salitang ito?	
4. What is an amendment?	A change (to the Constitution); an addition (to the Constitution)
4. Ano ang Amendment?	Isang pagbabago (sa Konstitusyon); Isang pagdagdag (sa Konstitusyon)
5. What do we call the first 10 amendments to the Constitution?	The Bill of Rights
5. Ano ang tawag sa unang 10 Amendments para sa Konstitusyon?	Ang Kalipunan ng mga Karapatang ayon sa Batas
6. What is <u>one</u> right or freedom from the First Amendment?	Speech; religion; assembly; press; petition the government
6. Ano ang <u>isang</u> karapatan o kalayaan galing sa First Amendment?	Pananalita; relihiyon; Pagtitipun-tipon; pamamahayag; pagpetisyon sa gobyerno
7. How many amendments does the Constitution have?	Twenty-seven (27)
7. Ilang pagbabago o amendments mayroon sa Konstitusyon?	Dalawampu't Pito 27
8. What did the Declaration of Independence do?	Announced our independence (from Great Britain); declared our independence (from Great Britain); said that the United States is free (from Great Britain)
8. Ano ang nagawa ng Deklarasyon ng Kalayaan?	Pagbalita ng ating kalayaan (mula sa Great Britain); Pagdeklara ng ating kalayaan (mula sa Great Britain); sinabi na ang U.S. ay malaya na (mula sa Great Britain)
9. What are <u>two</u> rights in the Declaration of Independence?	Life; liberty; pursuit of happiness
9. Ano ang <u>dalawang</u> karapatan mula Deklarasyon ng Kalayaan?	Buhay; kalayaan; paghangad ng kaligayahan
10. What is freedom of religion?	You can practice any religion, or not practice a religion
10. Ano ang kalayaan ng relihiyon?	Malaya kang sumunod sa anumang relihiyon
11. What is the economic system in the United States?	Capitalist economy; market economy
11. Ano ang sistema ng ekonomiya ng Estados Unidos?	Kapitalista na ekonomiya; Negosyo ng pagbenta at pagbili na ekonomiya
12. What is the "rule of law"?	Everyone must follow the law; leaders must obey the law; government must obey the law; no one is above the law.
12. Ano ang pamamahala ng batas?"	Lahat ay kailangang sumunod sa batas; ang mga lider ay kailangang sumunod sa batas; ang gobyerno ay kailangang sumunod sa batas; na walang ni isa na mas mataas pa sa batas.
System of Government	
Sistema ng Gobyerno	
